

1

Bumalikwas ng bangon si Nyx sa kama. Dumadagundong ang puso niya at mabilis ang kanyang paghinga. Hinila siya ng kamalayan mula sa karimlan ng isang panaginip patungo sa tunay na bangungot ng buhay niya.

Inabot niya ang lamp sa side table, hindi pinapansin ang tunog ng mga kung anong bumagsak sa sahi nang matabig niya ang mga iyon. Narinig niya ang click ng switch ng lamp pero nanatiling puro anino ang nakikita niya.

Naging hikbi ang mabilis niyang paghinga at nagsimula siyang mangatal. Niyakap niya ang sarili habang nakaupo sa gitna ng kama niya, nakatuon ang wala nang silbing mga mata sa alam niya ay bintana sa tapat ng kama. She gasped in pain between heart-wrenching sobs as the battle inside her own mind raged on. Self-pity, loathing, anguish, hopelessness, they all sped through her veins like poisoned acid, making every part of her body hurt.

Nicoletta Ysadora “Nyx” Cervantes was a world famous painter. Was. Because she wasn’t a painter anymore. How could she be when she was blind?

Her last masterpiece sold for close to five million dollars. Minsan nang nag-agawan ang presidente ng US at ang Prime Minister ng Canada para sa isa sa mga

paintings niya. But that was in the past. She couldn't paint anymore.

When she was twenty, she was diagnosed with *neuromyelitis optica spectrum disorder*, a condition in which the body's immune system attacks its own cells, mainly in the optic nerves and spinal cord.

It took two years for the disease to completely rob her of her eyesight. Gayunman, hindi pa rin nakapaghanda si Nyx nang magising siyang tuluyan nang hindi nakakakita. It had been the hardest two years of her life.

Nawalan siya ng pag-asa, ng interes sa lahat ng bagay kabilang na ang pagpinta na alam niyang bumubuhay sa kaluluwa niya. Nawalan siya ng interes na makipagkita at makipag-usap sa mga tao, na lumabas ng bahay, na bumangon.

Nawalan siya ng ganang mabuhay.

Para saan pa? Habambuhay na siyang ganito. Bulag, walang-silbi, pabigat sa mga magulang, at sa ate at kuya niya. She couldn't see an end to it.

Except—

Huminga nang malalim si Nyx habang patuloy siyang nilulunod ng madidilim na mga kaisipan.

It would pass. It usually did after twenty minutes of insanity.

Two weeks ago, matapos kumbinsihin ang pamilya na natalo na niya ang depression niya, lumipat siya sa condo na ito para mamuhay mag-isa, sabi niya, para matuto siyang maging independent. But of course, it was also because she didn't want any of them to be the

first to see her body after—

Hinigpitan niya ang yakap sa sarili. Tiim-bagang niyang hinayaang tumulo ang luha habang pilit na inaalo ang sarili. It didn't work. It never did.

The worst part was no one ever saw. No one wanted or needed to see this.

Nyx knew the exact point when the pain lessened. Nadarama niya sa isip niya. Matapos ang mga walang tunog na hikbi, muli na siyang nakakahinga nang maluwag. Ganoon naman iyon lagi. Twenty minutes where she fought a war inside her own mind to be followed by a period of total exhaustion. She was used to it but she was so tired of it. So tired of the demons inside her head, so tired of fighting to live, fighting to die.

Maybe it was finally time.

Tinuyo ni Nyx ng mga palad ang basang mga pisngi kahit pa hindi naman humupa ang luha. Pagkatapos ay itinulak niya ang kumot sa isang tabi bago siya tumayo mula sa kama.

Kinapa niya ang side table para kunin ang phone niya na inilagay niya sa ibabaw ng unan. Matagal na niyang na-record ang video na gusto niyang mapanood ng pamilya niya na nagpapaliwanag kung bakit niya gagawin ang gagawin niya. Nanghingi na rin siya ng sorry at sinabing huwag siyang alalahanin ng mga ito. She was finally going to be okay.

At the back of her mind she knew they'd be broken-hearted but they'd heal. They'd move on. Their lives would continue without her. Mas makabubuti para sa

mga ito na wala na siya. There was no healing for her.

Depression lies. Depression lies. Depression lies, sigaw ng bahagi ng utak niyang lumalaban pa. Iyong bahagi ng isip niyang nagsasabi sa kanya na mali ito at na kasalanan ito kay God at na kung hayaan lang niyang humupa ang sakit ngayon, kakayanin pa niya. Gaya ng kung paano niya laging kinakaya ang mabuhay pagkatapos.

But she ignored the sane part of herself. The sane part of herself didn't know what it was talking about. It accepted the pain. She was so f*cking tired of the pain.

Kabisado naman na ni Nyx ang bago niyang bahay. Hindi niya kailangan ng tungkod o ng guide. Dumerecho siya sa sliding glass doors ng silid niya palabas sa balkonahe.

Malamig ang hangin sa mukha niya at hinipan niyon ang buhok niya. Iniunat niya ang mga braso hanggang sa maabot at makakapit ang mga kamay niya sa railing.

Inilarawan sa kanya ng ate niya ang view sa labas noong una nilang tiningnan ang unit. From her balcony on the 25th floor, tanaw umano ang kahabaan ng Ayala Avenue sa ibaba, ang mga sasakyan, ang mga taong nagmamadali papasok sa kani-kanilang opisina, abala sa kani-kanilang mga buhay. At sa gabi, maganda raw ang kinang ng mga ilaw sa mga gusaling nakapalibot sa building niya, ang mga ilaw sa kalsada, mga ilaw ng sasakyan.

Ngumiti siya noon kahit pa nadudurog ang puso niya. Pangarap niyang tumira sa isang high-rise

building dahil mahilig siya sa ganoong uri ng view. Sayang at di na niya makikita. Siguro poetic justice na rin. She would die where she had wanted to live.

Hinigpitan niya ang hawak sa railing at lumapit pa roon. Ninamnam niya ang malamig na simoy ng hangin. She was scared. Of course she was. She had no idea what was on the other side. She comforted herself with the knowledge that it would all be over soon.

She started to pull herself up. And prepared to fly.
“Hi.”

Tumili si Nyx. Bumitaw siya sa railing at hinarap ang pinanggalingan ng masayang tinig ng isang lalaki. Hindi siya makahinga at kinailangang hampas-hampasin ang naninikip na dibdib dahil parang naipit ang muscles niyon at hindi na makatibok ang puso niya.

For the love of God, she was having a heart attack!

“Sorry, sorry! Nagulat kita!” Tumawa ito, walang kaalam-alam na pinigilan nga siya nitong kitilin ang sariling buhay para lang yata patayin siya sa gulat.

Kinailangan niyang lumunok ng ilang beses para makahugot ng malalim na hininga bago pa siya mag-black out.

Buwisit! Madilim na nga ang paningin niya, magdidilim pa ang ulirat niya dahil sa kakulangan ng oxygen!

“Are you all right?” Mas lumapit ang tinig.

“Do I look all right to you?” sikmat niya na matinis pa rin ang tinig.

Hindi kaagad sumagot ang lalaki. But when he did,

his voice was soft. “Honestly? No.”

Nanlaki ang butas ng ilong niya sa pagkainsulto kahit pa alam niyang nagsasabi lang ito ng totoo. A person who just went through twenty minutes of hell inside her own head would not look all right. *But still!*

Nagpatuloy ang lalaki.

“You’re beautiful, but you don’t look all right,” he told her softly.

It was his tone that got to her. The words were cliché and corny, and depending on who’s saying them, could be creepy. But there was something in his tone. It was filled with concern and sincerity.

“Do you want to talk about it?”

She stared unseeingly at the spot where she estimated he was. “No.”

Pagkatapos ay tumalikod na siya, pumasok sa silid at isinara ang glass doors sa likuran niya. She stumbled toward the bed, slid back beneath the covers and pulled her comforter over her head. Sumilid sa mukha niya ang telepono niya at sumara ang nanginginig niyang mga daliri palibot doon.

Whoever that guy was, she had no idea if he had saved her or if he just prolonged the agony.

Kinabukasan.

Gabi na uli pero hindi pa rin maalis sa isip ni Khalil Delafuente ang nangyari kagabi. Lumabas siya ng alas doce ng hatinggabi para muling dayain ang sarili niya. Magsisindi na naman siya ng yosi kahit isang buwan na niyang sinusubukang mag-quit, ipapangakong last

na talaga niya iyon, pagkatapos ay malulugmok na naman sa disappointment sa sarili.

Pilit na kinakalaban ng kanan niyang kamay ang kaliwa na may hawak ng lighter nang mabitawan niya iyon sa gulat dahil parang may elepanteng nag-stampede sa unit sa kaliwa ng sa kanya. Bumukas ang pinto palabas ng balcony at lumabas ang isang babaeng nakasuot ng malaking T-shirt. Nakayapak ito, magulo ang buhok at base sa nakita niya bago ito dumerecho sa railing, umiiyak ito.

Saglit siyang hindi nakapagsalita dahil sa gulat pero nang makita niyang parang balak umakyat ng babae sa railing, kumilos na siya. At nang humarap ito sa kanya, nagulat na naman siya.

Mental note na huwag na masyadong magkape. Masyado ka nang magugulatin.

Kilala niya si Nyx Cervantes. Nasa lobby ng opisina ng diyaryo na pag-aari ng mga magulang niya ang higanteng mural na gawa ng babae na nagpapakita ng history ng free press sa Pilipinas.

Matagal na niya itong crush—mula pa nang makilala niya ito noong unveiling ng painting nito sa opisina nila. Two years ago yata noong i-announce ng pamilya nito na hindi na ito ulit magpipinta. Pagkatapos ay nawala na lang ito bigla.

Wala sa hinagap niyang makikita niya ito ulit. Lalong hindi niya naisip na kapit-bahay pala niya ito. Hindi rin niya akalain na masasaksihan niya kung anuman ang nasaksihan niya. Ayaw tanggapin ng utak niya ang posibilidad na lulundag nga ito mula sa

balkonahe nito sa 25th floor.

Dumerecho si Khalil sa kusina para kumuha ng baon bago siya lumabas sa balkonahe. Sinilip niya ang kabilang unit. Nakasindi ang ilaw sa silid sa loob pero hindi niya maaninag kung may tao roon.

Nang ma-realize na para lang siyang manyak na stalker sa ginagawa, bumalik na lang siya sa upuan malapit sa pinto niya at naupo roon para maghintay kung lalabas ulit ang babae. Para stalker na lang ang hitsura niya at hindi na manyak.

Naubos na niya ang baon niyang sandwich at nakabalik na sa loob para kumuha ng *Coke*, hindi pa rin lumalabas sa balkonahe si Nyx.

Ano kaya kung katukin na lang niya? Kunwari manghihingi siya ng asukal kasi naubusan siya?

Nangangati na naman tuloy siyang mag-yosi.

Kinuha niya ang kaha ng sigarilyo—*Pramis, last na 'to!*—at lighter mula sa backpack na iniwan niya sa sala bago bumalik sa balcony. Nakaupo na siyang muli at may yosi na sa pagitan ng mga labi nang muling bumukas ang mga pinto sa balkonahe sa kabila.

Ibinuga niya ang yosi at nagmamadali siyang tumayo at lumapit sa railing.

“Hi!”

Nagulat na naman ang babae sa kanya. Siguro mahilig din itong magkape.

“Nand’yan ka na naman?” suplada nitong tanong na nakaharap sa kanya, nakatingin sa direksyon niya pero hindi sa kanya.

“Tambayan ko ’tong balcony, eh. Presko kasi.”

Kunot ang noo nito at ngumiti siya rito. Hindi ngumiti ang babae. Nanatili lang itong nakatingin sa dibdib niya.

Tumungo siya at ipinatong ang mga braso sa railing. “So. How was your day?”

“What?” naguguluhan nitong tanong.

“How was your day?”

“Why are you asking?”

Nagkibit-balikat siya. “Because I’m interested in how your day went.”

“I’m a stranger. Why would you care?”

“O, porke ba di tayo magkakilala wala na dapat akong pakialam sa ’yo? Saka magkapit-bahay naman tayo. Isa pa, I know you.”

Nang humakbang paatras sa takot ang babae, tumuwid siya at itinaas ang mga kamay. “Shit, nagtunog stalker na naman ako,” nagmamadali niyang sabi. “Sorry, sorry. I didn’t mean that. I meant we’ve met before. I’m Khalil Delafuente. My mother commissioned you to make a mural for the lobby of our building. Nagkakilala tayo n’ung unveiling n’ung painting.”

Salubong pa rin ang mga kilay ni Nyx habang mabagal na umiiling. Bumuga ng hangin si Khalil. “Kapatid ako ni Kaleb?” sabi niya sa pag-asang maaalala siya nito kung banggitin niya ang kapatid.

Sinabayan niya ang babae sa mabagal nitong pagtango nang maalala ang kapatid.

“Ah, si Kaleb Delafuente!”

Ngyeah, nhi Ngaleb Ngelafuente, ulit niya sa isip niya.

Siyempre maaalala nito ang Kuya Kaleb niya at hindi siya. Story of his f*cking life.

“Oo, kuya ko siya.” *Magkasunod kaming ipinakilala ni Mommy sa 'yo.*

“I’m sorry. Naaalala ko na. Khalil, right?”

Iyon lang kinilig na siya. Di na lang niya ipinaalala sa sariling sinabi na niya kanina rito ang pangalan niya. At least he was getting somewhere.

“Yeah, Khalil.”

Umiling ang babae at iniunat sa harapan nito ang mga kamay. Akala niya noong una ay inaabot siya nito kaya iniunat din niya ang mga braso para kunin ang mga kamay nito. *Weird.* There was a three-foot gap between her balcony and his.

Habang pinapanood ang babae na hagilapin ang railing, saka lang napagtanto ni Khalil kung bakit sa dibdib niya ito nakatingin kanina, kung bakit ito biglang nawala sa sirkulasyon at kung bakit sa palagay niya ay tatalon ang dalaga kahapon mula sa balkonahe nila.

She’s blind.

“Yes, I’m blind,” ani Nyx. Nanlaki ang mga mata ni Khalil. “And please remove that look from your face.”

“What look?” inosente niyang tanong.

“That look of horror.”

“What look of horror? Walang look of horror sa mukha ko!”

She laughed lightly. Pinagmasdan niya ang mukha nito. She was thinner than he could remember and there were dark circles under her eyes. But she was

as beautiful as he remembered. Nakadagdag lang ang vulnerability sa mga mata ni Nyx ngayon sa ganda nito.

Mahaba ang buhok nito na naka-ponytail na ngayon. Hindi na namumula ang ilong at mga mata nito at may maliit na itong ngiti sa mga labi. Kung hindi niya ito nakita kagabi, hindi niya maiisip na may pinagdaraan ito.

Ang totoo, iyon ang gusto niyang pag-usapan pero unang gabi pa lang naman nilang magkakilala. Kuya pa niya ang dahilan kung bakit ito nakikipag-usap pagkatapos bibirahan niya ng *‘Soooo, why do you want to jump off the 25th floor balcony?’*

“Tapos ka na?”

Napatingin si Khalil sa mga mata nitong nakatingin nang derecho sa mga mata niya pero alam niyang hindi siya nito nakikita.

“Tapos na ’kong ano?”

“Pag-isipan kung paano ka magpapaalam para makapasok ka na sa bahay mo at iwan mo na ’ko kasi hindi mo alam kung paano aakto sa harapan ko?”

Tumikhim siya. “Actually, iniisip ko kung paano ko itatanong sa ’yo ’yung mga gusto kong itanong nang hindi ako nagtutunog na bastos o pakialamero.”

She tilted her head to one side. “Ano ba’ng gusto mong itanong?” Nang hindi siya agad sumagot, pinilit siya nito. “Huwag kang mag-alala, hindi ako magagalit.”

“All right. Una, what happened? And second, are you totally blind? Kasi spectrum ’yan, di ba? Hindi lahat ng bulag dilim lang ang nakikita?”

She blinked curiously at him. Napahiya tuloy siya. “Sorry. That was offensive.”

“No, it’s okay. Hindi lang ’yan ang una kong naisip na itatanong mo.” Nangingit ito na parang pilit siyang inaaninag saka huminga nang malalim. “I was diagnosed with *NMO*, ’yung *Devic’s disease*? It means my immune system treats my cells like they’re a virus so it kills them. Nauna na niyang inatake ’yung mga mata ko.”

She shrugged. “And, yes, blindness is a spectrum. Para akong T-Rex sa *Jurassic Park*. I see movement. I see contrast. Hindi kita makita ngayon kasi madilim, pero kapag tumayo ka sa harapan ng puting pader, makakakita ako ng anino na ka-shape ng katawan mo.”

“Naaalala mo ba kung ano’ng hitsura ko?” bigla niyang tanong. Langya, iyon pa talaga ang problema niya, ano?

Muling mahinang tumawa ang babae. “Matangkad ka saka payat, medyo singkit lalo na kapag nakangiti and your hair flopped over your eyes.”

Hindi napigilan ni Khalil ang ngiti dahil inilarawan siya nito eksakto noong nagkakilala sila apat na taon na ang lumipas. “Mas guwapo na ako ngayon,” natatawang saad niya. “Tumangkad pa ako ng two inches saka medyo nagkalaman na rin ako. Saka iba na ang gupit ko. Pero ang galing, ah! Naaalala mo pala talaga ako!”

“Painter ako. I’m good with details,” mayabang nitong saad bago mabilis na nagbago ang mood. Bumitiw ito sa railing at humakbang paatras. “Know

what? I'd better go back in. Gabi na kasi. Inaantok na rin ako.”

Gusto niya itong pilitin na huwag munang pumasok at makipagkwentuhan muna sa kanya pero pinigilan niya ang sarili. “All right. Pasok na rin ako. Ano pala, ten A.M. to six P.M. ang pasok ko. Nandito na ako ng mga 7 P.M. Kung gusto mong makipagkwentuhan, labas ka lang dito sa balcony. Dito lang ako tatambay.”

Tila matagal nitong pinag-isipan ang sinabi niya. Sa huli, tumango lang ito. Naglakad na si Nyx, huminto sa pintuan bago siya muling binalingan. Nagbuka ito ng bibig pero hindi nagsalita.

Umiling ito, pagkatapos ay, “Good night, Khalil.”

Ngumiti siya kahit medyo disappointed. Gusto pa talaga niyang makipagkwentuhan, eh.

“Good night, Nyx.”

2

“Shoot.”
Kasabay ng pagsasara ni Khalil ng pinto ng condo niya ang pagkahulog ng hawak na keychain ng babaeng nasa tapat ng pinto ni Nyx. Agad niya itong nilapitan para tulungan. May hawak kasi itong mga takeout cups ng *Starbucks* sa isang kamay at isang paper bag sa kabila. Higit pa roon, buntis ito at parang kapag nasamid ito ay bigla na lang din itong manganganak sa laki ng tiyan nito.

“Akin na po ’yung iba n’yong dala,” sabi niya bago iniabot sa babae ang mga susi.

“Ay, salamat!” Ipinagkatiwala naman nito sa kanya ang mga inumin at paper bag.

Napangiti rin siya rito, hindi lang dahil nakakahawa ang ngiti nito sa kanya kundi dahil kamukhang-kamukha ito ni Nyx.

“Kapatid po kayo ni Nyx?” tanong niya habang pinapanood na susian ng babae ang seradura.

Napatingin ito sa kanya. “Oo, ate niya ako. Kailan mo siya nakilala?”

“Matagal na po ’yung unang beses,” sabi niya. Ipinaliwanag niya rito kung paano.

“Ah, kapatid ka ni Kaleb!”

Siyempre si Kuya Kaleb na naman. “Opo.”

“That’s good! Buti may kilala na si Nyx sa mga

kapit-bahay niya.”

“Hindi ko nga po alam na magkapit-bahay kami. Naabutan ko lang po siya n’ung isang gabi sa balcony.”

Agad niyang pinigil ang sarili bago pa niya maikwento kung ano ang nasaksihan niya. Baka mapaanak ang ate nito nang di oras sa pag-aalala. Pero kahit hindi niya iyon ikinuwento, nanlaki ang mga mata nito sa pag-aalala.

“Nasa balcony siya?”

“Ah, eh, opo. Nagpapahangin po yata.”

Nagmadali ang babae na susian ang pinto. Akala ni Khalil ay sisipain nito iyon, pero nakabukas naman ito agad. Pagkatapos ay iniwan siya nitong nakatayo sa labas.

“Nyx! Nyx!” malakas nitong tawag habang nagmamadaling tinungo ang malamang ay silid ng kapatid. Hindi akalain ni Khalil na puwede palang maging ganoon kabilis kumilos ang buntis. Pumasok na rin siya sa unit ni Nyx, sinasabi sa sariling nag-aalala lang siya at baka kung mapaano ang buntis. Saka alangan namang tumayo lang siya sa hallway habang tangan ang mga takeout cups at paper bag. Huminto lang siya sa living room dahil nahihiya siyang tumuloy sa loob. Pinanood na lang niyang halos gibain ng buntis ang pinto ng isang kuwarto.

“Nicoletta!” sigaw nito.

“Ate, ano ba naman ’yan?” tanong ng bagot na tinig na sinundan ng pagbubukas ng pinto. Suot nito ang malaking T-shirt na suot nito noon pang isang araw. Pinigilan na ni Khalil na isipin kung may shorts ba ito

o wala dahil medyo may kabastusan ang kaisipan na iyon lalo't dalawang araw pa lang niyang kilala ang pinag-iisipan niya. Magulo rin ang buhok ng babae at may ekspresyon ng iritableng batang naistorbo ang tulog.

Sinunggaban ito ng babae saka mahigpit na niyakap sa kabila ng kondisyon nito. Noon napagtanto ni Khalil na malamang ay may alam ito sa pinagdaraanang ng kapatid.

“Wala, nag-alala lang ako sa 'yo,” sabi ng ate nito. “Saka na-miss kita.”

“Dumaan ka lang dito kahapon ng umaga,” sabi ni Nyx pero napansin niyang nakayakap na rin ito sa kapatid.

“Kung doon ka na lang kasi sa bahay ulit.”

Bumuntong-hininga ang dalaga saka kumalas sa buntis. “Okay lang ako dito, Ate,” giit nito bago nagpaakay sa kapatid papunta sa dining table.

Kung hindi niya alam na bulag si Nyx, hindi niya iyon mahahalata dahil nanatiling maganda ang mga mata nito. At kung di lang din niya ito nakitang muntik umakyat ng railing ng balkonahe, hindi rin niya masasabing may mas malalim na sugat sa kaluluwa nito. But that was the problem with depression. You couldn't see it.

Bago marating ang dining area, biglang huminto sa paglalakad si Nyx. “May ibang tao?” kunot-noo nitong tanong.

“Ah, oo,” sabi ng ate nito na tila bigla siyang naalala. “Si Khalil. Magkaibigan daw kayo.”

Uy, wala po akong sinasabi, ah!

“Nasaan siya?”

“Nandito sa living room,” sabi niya at lumapit na sa dalawa. “Paano mo nalaman na nandito ako?”

“Naamoy kita.”

Pinigilan niyang singhutin ang kilikili niya.

“She meant your cologne,” natatawang sabi ng ate ni Nyx nang siguro ay mabasa nito sa mukha niya ang iniisip niya.

“Ah, akala ko kung anong amoy po, eh.” Inabot niya rito ang almusal na dala nito.

“Thank you. Oo nga pala, hindi ko yata naipakilala ang sarili ko. I’m Nyrene.”

“Nice to meet you po.”

“Ikaw rin. May time ka pa ba? Gusto mong samahan kaming mag-breakfast?”

Nilingon niya si Nyx na nakatingin na naman sa direksyon niya. She didn’t look too happy about her sister’s invitation.

“Naku, hindi na po. May pasok din po kasi ako. Paalis na po ako n’ung nakita ko kayo.”

“Ah, sige. Naku, I’m sorry. Baka ma-late ka pa dahil sa ’kin.”

“Okay lang naman po. Maaga pa naman po kaya hindi pa naman ako ma-le-late.”

“Alam ko na!” sabi ni Ate Nyrene. “Aagahan ko na lang ang punta ko dito bukas para makasabay ka sa breakfast.”

“Ate!” saway ni Nyx.

“Hindi, para may iba ka namang nakakasama, hindi

lang puro ako.” Nginitian siya nito at kinindatan. “Ano, Khalil? Samahan mo kami mag-breakfast bukas?”

“Sige po. Hindi po ako tatangi. Basta okay lang kay Nyx?”

Maasim pa sa nakainom ng sukang paumbong ang mukha ng babae.

Si Ate Nyrene ang sumagot para rito. “Of course okay lang kay Nyx. Sige, magdadala ako ng breakfast bukas. Ano ba’ng gusto mo?”

“Kayo na po’ng bahala. Wala naman po akong hindi kinakain. Sige po. Mauna na rin po ako.” Itinuro niya ang bukas na pintuan gamit ang hinlalaki.

“Sige. Thank you ulit kanina ah.”

“You’re welcome po. ’Bye, Nyx!”

Tumango lang si Nyx sa direksyon niya. Nang harapin niyang muli si Ate Nyrene, nagpigil siya ng tawa nang makitang mukha itong kinikilig. Kumaway siya rito saka siya naglakad palabas ng condo.

Tingnan mo nga naman ang suwerte. Buti na lang talaga at naabutan niya si Ate Nyrene. May instant imbitasyon tuloy siya. Ngayon, sa bahay muna ni Nyx pero sana, sa susunod, imbitasyon na iyon sa buhay ng babae.

Ang lupet! Umiimbitasyon sa buhay ka na kaagad!

Natawa siya sa sarili pero masaya siyang naglakad papunta sa elevator.

“Ikaw talaga, Ate, kung sinu-sino’ng pinapapasok mo,” kunot-noong sita ni Nyx sa kapatid.

“Eh, sabi niya kaibigan mo raw siya.”

“Hindi ko siya kaibigan, Ate. Kapit-bahay ko lang siya.” Kapit-bahay lang na muntik nang naka-witness sa isang napakapersonal na bagay para sa kanya. “Kailan ko nga lang siya nakilala.”

“Nakilala mo raw siya n’ung—”

“Nakilala as in nakilala, Ate. Nalaman ko lang ’yung pangalan niya n’ung unang beses. Hindi ko siya *nakilala* talaga.”

Nadama niyang kinuha ng ate niya ang kamay niya at itinikom ang mga daliri niya palibot sa takeout cup ng kape.

“Oo nga pala,” patuloy nito nang ipahawak sa kanya ang isang nakabalot na sandwich. “Si Kaleb nga pala ang naka-date mo.”

Umikot ang mga eyeballs niya. “It was one time.” She sighed.

Narinig niya ang tunog ng papel na nilulukot sa bandang kanan niya. Nang lumingon siya roon, she could “see” her sister’s silhouette.

“Bakit nga ba hindi na kayo nagkaroon ng second date?”

“Hindi naman siya interesado sa ’kin. Nag-thank you lang siya para d’un sa painting na ginawa ko para sa parents niya.”

“Ah, akala ko kasi seryoso. Pero okay lang. Alam mo, mas guwapo si Khalil sa kanya,” dagdag nito habang halatang ngumunguya.

“Ano?”

“Si Khalil, mas guwapo pala siya kay Kaleb. Mas bagay sa shape ng mukha nila ’yung features niya. Mas

pangahan kasi si Kaleb. Si Khalil, saktong-sakto 'yung shape ng mukha.”

Dahil artist siya, kusa nang in-adjust ng utak niya ang hitsura ni Khalil base sa description ni Ate Nyrene. He had been cute before, halatang mahiyain dahil namula ito nang ipakilala sa kanya ng mas outspoken nitong kuya. He was also tall and lanky na nakahukot na parang ikinakahiya ang height nito. Isip na niya ang naglagay ng maturity sa mukha nito at ng muscles sa katawan nito.

And if he looked the way her imagination told her he might look, sige na, meeeedyo mas guwapo na nga ito kay Kaleb.

“Ano’ng ginagawa mo d’un sa balcony?”

Nagkunwari siyang abala sa pag-alis ng balot sa sandwich niya. “Nagpapahangin.”

Absolute quiet followed her statement.

Kumagat siya sa sandwich. Roasted chicken pesto. Mabagal niya iyong nginuya na para bang natatakot siyang mabulunan.

“Nyx, is there something you want to talk about?” tahimik na tanong ng ate niya.

“No. I’m okay, Ate.”

No, she wasn’t, but she wasn’t going to tell her pregnant sister that. May sariling mga problema si Ate Nyrene. Hindi na niya kailangang maging pabigat dito.

“Sigurado ka? Hindi ka ba nahihirapan dito mag-isa?”

She forced a smile. “Ate naman, nandito ka naman araw-araw. So hindi ako magugutom kahit hindi ako

nagluluto. Saka kabisado ko na 'yung layout nitong unit. Hindi na ako nahihirapang mag-ikot-ikot.”

“That’s not what I mean and you know it.”

She sighed. “I’m okay, Ate,” ulit niya. Baka sakaling maniwala na rin ang kapatid sa wakas. Saka baka maniwala na rin siyang okay nga siya.

“Sinabi naman kasi ni Connie na sasamahan ka niya.”

Best friend niya si Connie. Dati. Hindi niya alam kung hanggang ngayon ay best friends pa rin sila dahil matagal na niyang hindi nakakausap ang kaibigan. Madalas siya nitong ayain noon sa kung saan-saan pero lagi siyang nagdadahilan. Kesyo mahihirapan lang sila dahil malabo na ang paningin niya o na hindi pa siya sanay sa gamit niyang cane o na may sakit siya.

Kailan lang niya na-realize na mga excuse lang niya iyon. Ang tunay na dahilan ay wala talaga siyang ganang lumabas. Iniisip pa lang niyang lalabas siya ng bahay, sumasakit na ang sikmura niya at nangangatal na siya sa hindi niya malamang kadahilanan.

Hanggang sa tuluyan na nga siyang tumigil sa pakikipag-usap sa best friend niya. Lagi raw siya nitong kinukumusta sa mommy niya at kay Ate Nyrene. She appreciated it pero pakiramdam lang talaga ni Nyx ay wala na siyang mukhang ihaharap sa best friend niya sa dami ng atraso niya rito.

“Mag-aalaga lang siya ng bulag, Ate.” She tried very hard to hide the bitterness in her voice. “Isa pa, sabi ko naman sa 'yo, okay ako ritong mag-isa.” Bumuntong-hininga ang ate niya. Nagsalita na siyang muli bago pa

may masabi ang kapatid. “Don’t worry about me, Ate. I’m okay.”

Nadama niyang kinuha nito ang kamay niya. “Binibigyan ka lang namin ng oras kasi ’yun ang sinabi mong kailangan mo. Mas alam mo ang kailangan mo kaysa sa ’min, pero huwag mo kaming itulak palayo. We’re here to help you. Alam mo naman ’yun, di ba?”

Tumango siya kahit pa sa puso niya, alam niyang pumasok lang sa isang tainga ang mga sinabi nito at lumabas sa kabila. She wanted to cling to the promise behind those words but the demons in her mind wouldn’t let her. They fought to kill the small spark of hope inside her.

Pinisil ng ate niya ang kamay niya saka iyon tinapik bago binitawan. “Anyway, excited na ako para bukas.”

Kumunot ang noo niya. “Ano’ng meron bukas?”

“Ano ka ba? Di breakfast kasama ni Khalil! Excited akong may bago kang kaibigan!”

She blew out her breath and bit into her sandwich so she didn’t have to say anything. Bahala na. Tatal hindi naman siya mag-iisa kasama ng lalaki. Puwede siyang manahimik lang habang nag-aalmusal sila at hayaan na ang ate niya at ang lalaki lang ang mag-usap. That was one of the advantages of being blind. She couldn’t see if anyone was looking at her. Hindi siya mako-conscious.

She did wish she wasn’t blind though so she could see how he looked like right now. Isa iyon sa alam niyang magiging frustrations niya sa buhay.

3

Nang umalis ang ate niya, bumalik si Nyx sa kuwarto. Nagtalukbong siya ng kumot at sumubsob sa unan. When she took a deep breath, she smelled... well, it wasn't gross—*yet!*—pero alam niyang kailangan na niyang magpalit ng punda ng unan, bed sheets at comforter.

Bumangon siyang muli. When was the last time she changed her sheets? Come to think of it, when was the last time she actually took a bath? Or actually combed her hair?

Bumuga siya ng hangin at muling bumangon. Ang totoo, medyo sinisipag siya ngayon. Bihira lang siyang sipagin ng ganito, na okay lang sa kanya ang bumangon. Sometimes, in her condition, parang kailangan niya ng forklift para lang maiangat ang likod mula sa kutson.

Tumayo siya at naglakad na nakaunat ang mga braso hanggang sa mahawakan niya ang sandalan ng upuan sa vanity sa isang banda ng silid. Kinapa niya ang ibabaw niyon hanggang sa mahanap niya ang brush niya. Nang idaan iyon sa buhok niya, wala pa yatang two inches hindi na niya mahila ang brush dahil sa tangles.

At nakita siya ni Khalil na ganoon ang ayos? *Great!*

Pero bakit ba? Wala siyang pakialam. Hindi niya kasalanan na bigla na lang itong pumunta sa bahay

niya nang walang imbitasyon.

Ibinalik niya ang brush sa ibabaw ng vanity, sa lugar kung saan niya naaalalang nakalagay ito kanina. Kinapa niyang muli ang ibabaw ng vanity hanggang sa mahawakan niya ang lalagyan ng mga panali ng buhok. She picked one up and tied her hair back.

Sige na, kikilos na siya habang sinisipag siya, habang okay ang pakiramdam niya. Bihira lang kasi iyon kaya sasamantalain na niya.

Nang madamang bumabalik na naman ang bulung-bulong ng mga halimaw sa utak niya, nagmamadali siyang bumalik sa kama at hinila paalis ang comforter at bedsheet. Magpapalit siya ng kubrekama, pagkatapos ay maglalaba siya ng mga damit niya.

She was going to make herself busy.

She had fresh sheets when she climbed into bed that night. Bagong laba at mabango rin ang suot niyang pajamas. Basa ang buhok niya at mabango ang balat sa body wash at body butter na nakuha niyang ipahid sa sarili. Dati kasi hassle pa na mag-lotion siya. It took too much effort. Pero ngayon, parang nagpa-spa pa siya sa linis at bango at lambot ng balat niya.

It was a good day, she thought, one of few good days she'd had since she started battling depression.

Ganoon kasi ang nangyayari sa kanya. It took as little as a few days or as much as a few weeks before she had a breakdown. Pagkatapos ay magiging okay ulit siya.

Unless she was triggered.

At sa totoo lang, hindi alam ni Nyx kung ano ang triggers niya. Bigla-bigla na lang kasi. It could be a song she heard, or stubbing her toe because she couldn't see where she was going. Or it could be a vision of a painting she would not be able to make because she couldn't see colors anymore.

Mabilis niyang pinutol ang line of thought na iyon. It was leading her down a dangerous path.

Napatingin siya sa direksyon kung saan naroon ang balcony.

Tinanong niya kay *Siri* kung anong oras na at nang sabihin nitong alas ocho na ng gabi, naalala niyang sinabi ni Khalil na madalas ay nasa bahay na ito nang alas siete.

Before she could question herself as to why she was walking out to her balcony, binubuksan na niya ang sliding glass doors. Hindi siya nagulat nang marinig ang masayahing tinig ng lalaki. Gayunpaman, na-curious siya kung bakit lumundag pa rin ang puso niya nang marinig ang bati nito. Gusto niyang sabihing nadama niya iyon dahil nairita siya kasi makikipagkwentuhan na naman ito. Pero ang totoo, lumabas siya ng balcony para makipagkwentuhan.

“Hi!”

Tipid siyang ngumiti sa direksyon na pinanggagalingan ng tinig nito. “Hi.”

“How was your day?” tanong nito. Mas lumalapit ang tinig. Naglakad siya patungo sa direksyon ng railing. Gaya ng dati, nakaunat ang mga kamay niya. Bago niya mahawakan ang railing, nagulat siya

nang madama ang hawak ni Khalil. Ito ang nagbaba sa kamay niya para mahawakan niya ang gilid ng balkonahe.

“Okay naman,” sagot niya, and she was glad to say that her day really had been okay. “Ikaw?”

“Okay lang din. Busy sa trabaho pero wala namang naging problema.”

Curious, muling nagtanong si Nyx. “Saan ka ba nagtatrabaho?”

“Sa diyaryo ng nanay ko,” sagot nito na tila natatawa. In-imagine na lang niya ang naaalala niyang ngiti nito.

“Ano’ng work mo d’un?”

“Alipin!” pabiro nitong sagot. Tumawa ito nang mapangiti siya. “Hindi, joke lang. Pero puwede rin naman. Proofreader pa lang kasi ako. Taga-proofread ng mga ads, obituaries, gan’un.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Nyx bago pa niya naalalang hindi porke hindi siya nakakakita, hindi na rin makikita ni Khalil ang expression niya.

“O, bakit?” natatawa nitong tanong. “Kailangan din ng proofreader ng obituaries, ano! Mahalaga kayang tamang pangalan ’yung ma-publish!”

“Wala naman akong sinabi!” tawa na rin niya. “Hindi ko lang naisip na may designated proofreader din sila.”

“Meron, siyempre. Mamaya nga ibang pangalan ang malagay d’un o kaya, eh, maling araw ng libing ang i-announce. Naku, sigurado ’kong obituary ko na ang mapa-publish kinabukasan. Sasakalin ako ng nanay ko pag nangyari ’yun!”

Hindi niya napigilan ang ngiti. “I was kind of expecting na editor ka o nasa business side ka ng diyaryo.”

“Siguro, kung ’yun ang gusto ko. Pero sa ’min kasi kailangan mong magsimula sa pinakamababa. Hindi nga naman nila ako puwedeng gawing editor na lang bigla, di ba? Experience muna bago ako magpaka-boss d’un.”

Hindi siya nakarinig ng galit o pangungutya sa tinig nito nang ipaliwanag nito ang patakaran ng mga magulang. Halatang sang-ayon ang lalaki sa ganoon. She liked that in him and in his family, too. Para kasing walang yabang. Lalo tuloy siyang nagkainteres dito.

“Ano’ng course mo n’ung college?” tanong niya pa.

“Journalism. Pero ayokong maging reporter. Sabi ko kay Mommy, puwede kong i-edit lahat ng gusto niyang ipa-edit, pati horoscope, basta ayokong maging field reporter.”

“Eh, ano talaga ang gusto mong maging?”

“Writer. Gusto ko lang talagang maging writer. Compromise na lang namin ’yung journalism dahil hindi raw ako mabubuhay ng pagiging writer ko kung ’yun lang ang trabaho ko. Kaya ’ayun, journ kahit ayokong maging journalist.”

“Anong klaseng writer ba ang gusto mo?”

“Fiction. Magaling akong mag-imbento, eh.” Pagkatapos ay tumawa ito. “Teka, kuwento ako nang kuwento, eh, mas interesting ka naman kaysa sa ’kin.”

Namilog ang mga mata ni Nyx. “Ako?”

“Oo! Di ba halos baby ka pa nagpipinta ka na?”

'Yung una mo ngang exhibit, di ba ilang taon ka lang n'un? Five ba?"

Kumibot ang mga labi niya sa pagpipigil ng ngiti. "Five lang ba ako n'un?"

"Oo!" patuloy ng lalaki. "Kasi nga prodigy ka, di ba? 'Tapos home-schooled ka pero nag-aral ka ng art history sa *University of Pennsylvania* sa—"

Napahinto ang binata. Siguro dahil napansin nitong natatawa na siya.

"Shit," sabi nito. "Nakakahiya! Nahalata mong memorized ko 'yung *Wikipedia* page mo."

She giggled. "Why would you do that?"

"Gan'un talaga kapag interesting ang isang tao. Sabi ko naman sa 'yo n'ung una pa lang na fan mo ako. Pero huwag kang mag-alala, ah! Hindi naman ako stalker. Hindi rin ako masamang tao, promise."

"Ang cute mo," tumatawa na niyang bulalas bago pa napigilan ang sarili.

"Ah, oo. Pero dati pa 'yun. Sabi nila guwapo na raw ako ngayon."

Charmed, she grinned at his direction. "Ows? Sino'ng nagsabi?"

"Mommy ko?"

Muli siyang tumawa. "Naglolokohan na naman tayo. Sige na. Papasok na ako sa loob. Matutulog na 'ko. Magpahinga ka na rin."

"Maaga pa naman," sabi ng binata na parang disappointed. "Pero kung pagod ka na, sige na. I'll see you tomorrow. Oh, shit. I didn't mean—you won't see me tomorrow, I meant I'll *be there* tomorrow."

Muling umiling si Nyx. Hindi naman siya na-offend. “I know what you mean. Don’t worry about it. Sige na. Papasok na ako.”

“All right. Sorry pala. Madaldal talaga ako kapag nininerbiyos.”

She tilted her head to one side. “Nininerbiyos? Bakit naman?”

“Kasi kausap kita,” sagot nito, natawa. “Sige na. Pumasok ka na bago ko pa mas ipahiya ang sarili ko.”

Muli siyang umiling pero bumaling na rin siya patungo sa sliding doors papasok ng silid niya. Nagpaalam na siya saka naglakad pabalik sa mga pinto. When her palm touched the glass, she moved to one side so she could enter her room. Kumaway siya kay Khalil saka siya tuluyang pumasok sa silid.

She really found him cute. Ang endearing lang na halatang kabado ito sa presensya niya na parang high school student na may crush.

She giggled. Kapal ng mukha niya, ah! Talagang pinangunahan na niya? Kakaiba lang kasi. It was flattering. Halos nalimutan na niya iyong pakiramdam ng may admirer.

No, it wasn’t that. Nalimutan na ni Nyx kung paano tanggapin ang admiration ng ibang tao. Matagal na siyang nakumbinsi na walang kahanga-hanga sa kanya.

When she climbed into bed, she actually felt light, normal.

Pero hanggang kailan? bulong ng isang mapanirang tinig sa isip niya.

Tumagilid si Nyx at pilit na itinulak sa likod ng isip ang boses. She wasn't going to let it ruin her day. Kung bukas ay atakehin na naman siya ng anxiety at depression niya, bukas na niya iyon haharapin. She was going to hoard every second of what, for the first time in a long time, was her first almost normal day.

4

Madilim ang ekspresyon ni Khalil habang nakatingin sa hawak niyang pakete ng yosi. Mahigit dalawang linggo na nang huli siyang magyosi at mula noon, padali na nang padali ang proyekto niyang *Oplan: Linis Baga*. Ewan niya kung bakit heto at hawak na naman niya ang yosi at lighter.

Na-miss lang niya. Isang stick lang... sige, isang puff. Isang puff lang, matatahimik na siya. Aaaat mawawalan din siya ng respeto sa sarili dahil itatapon niya ang dalawang linggo na sanang record niya na hindi naninigarilyo.

Paano kung si Mang Tonying na guard sa gate ng complex ang panigarilyuhin niya pagkatapos tatayo lang siya sa tabi nito para humithit ng secondhand smoke?

Napalingingon siya nang marinig ang glass doors ng balcony ni Nyx. Nitong mga nagdaang araw, araw-araw na silang nagkukwentuhan. Minsan sabay silang maghapunan kahit pa nasa kani-kanilang mga balkonahe pero madalas, doon sila inaabot ng antok o ng hatinggabi, depende kung alin ang mauna.

Madalas pinapauna niyang pumasok si Nyx, pagkatapos ay hihintayin niya kung lalabas itong muli. Hindi nila napag-uusapan iyong unang beses na nagkakilala sila. Hindi niya iyon binabanggit dito.

Kung gusto iyong pag-usapan ni Nyx, ito ang mag-o-open ng topic na iyon.

Pinanood niyang huminto ang dalaga paglabas nito ng pinto. Malamang hinihintay nitong magsalita siya. Lagi kasi niya itong binabati kapag nakikita ito. Nanatili siyang tahimik at pinanood lang ito. Bumuntong-hininga ang babae bago muling naglakad papunta sa railing.

He tensed.

Kapag nagtangka itong umakyat doon, tatakbuhin talaga niya ito at lulundagin ang espasyo sa pagitan ng mga railings nila para habulin ito.

Pero huminto si Nyx nang mahawakan nito ang railing at tumingala sa langit. Maliwanag ang buwan at walang ulap. Malamig din ang hanging umiihip sa buhok nitong naka-ponytail. She didn't look sad this time. Walang luha sa mga mata nito at tuyo ang mga pisngi.

Siguro ay sampung minutong nanatiling nakatayo roon si Nyx bago nito tinalikuran ang railing saka mabagal na naglakad pabalik sa mga pinto. Noon na nagmamadaling kumilos si Khalil. Binuksan niya ang mga pinto papasok sa kuwarto niya para kunwari ay noon lang siya lumabas. Napatingin sa direksyon niya si Nyx.

“Khalil?”

“Uy!” bati niya na kunwari ay noon lang niya ito nakita. “Ano’ng ginagawa mo d’yan? Gabi na, ah.”

“Hindi ako makatulog, eh. Ikaw? Balak mo na namang manigarilyo, ano?” akusa nito.

“Hindi, ah!” tanggi niya. Alam niyang hindi siya

nito nakikita pero itinago pa rin niya ang yosi at lighter sa likod niya.

“Weh.” Humalukipkip ang babae.

Nang hindi nito inalis ang paningin sa kanya, bumuga siya ng hangin.

“Hindi ko naman itinutuloy,” nakasimangot niyang sabi. “Saka paano mo nalaman? Huwag mong sabihing naaamoy mo ’yung yosi kahit hindi ko pa nasisindihan.”

Lumapit si Nyx sa railing at iniunat ang braso na nakalahad ang palad.

“Ano ’yan?” tanong ni Khalil.

“Akin na ’yang yosi.”

“Bakit?”

“Tsk. Akin na! Para hindi ka na matukso.”

Hindi niya napigilan ang ngiti. Ang babaw ba na natuwa ang puso niya? Iniabot niya kay Nyx ang kaha ng yosi.

Inilahad nito ang isa pang palad. “Yung lighter.”

“Pati lighter?” bulalas niya na nagkukunwaring nanghihinayang.

“Yup!” masayang saad ni Nyx. “Para no choice ka talaga.”

Bumuga siyang muli ng hangin pero inilagay rin sa nakalahad na palad ng babae ang lighter niya. Nang bawiin nito ang kamay, may mayabang at self-satisfied na ngiti sa mga labi nito.

“Ay, may ibibigay nga pala ako sa ’yo. Sandali lang. Hintayin mo ako d’yan,” sabi ng babae bago ito nagmamadaling pumasok sa silid nito.

Noong una, alalang-alala pa si Khalil na baka

kung saan mabangga ang dalaga dahil mabilis itong kumilos. Pero ngayon hindi na dahil alam na niyang kabisado ni Nyx ang bahay nito.

Wala pang limang minuto, lumabas nang muli si Nyx. Hindi na yosi at lighter ang hawak nito kundi isang mangkok ng maliit na oranges.

“O, ano ‘to?” tanong niya nang iabot ni Nyx sa kanya ang mga prutas. Tinanggap niya iyon.

“Kiat-kiat!” proud nitong sagot. “Mandarin oranges. Dala ni Ate kaninang umaga. Naisip ko kanina na bibigyan kita kasi marami siyang dala. Ngayon ko lang naalala. Kumain ka niyan. Masarap ‘yan! Saka masustansya. ‘Yan na lang ang pagka-abalahan mo kesa sa yosi.”

“Umuusok din ba ‘to?” biro niya.

She rolled her eyes. “Sige, sindihan mo.”

“Joke lang.” Kumuha siya ng isa. “Gusto mo ba? Ipagbabalat kita.”

Sana oo para medyo magtagal pa silang dalawa dito sa labas.

“Sige.”

Yes!

Ibinaba niya sa bangko ang mangkok ng ki-kiat saka siya nagbalat ng isa. “Akin na’ng kamay mo.”

Nang ilahad muli ni Nyx ang palad nito, inilagay niya ang prutas doon at isinara ang mga daliri ng babae palibot sa prutas. Saka siya nagbalat ng isa pa para sa sarili. Tahimik silang kumain. Dahil nga hindi siya nakikita ni Nyx, hinayaan niya ang sarili na titigan ang maganda nitong mukha.

Matagal na niya itong crush pero nitong nagdaang

mga linggo, habang mas nakikilala niya ang babaeng nasa likod ng artist na hinahangaan niya, mas nahuhulog lang siya para rito.

“Sweldo bukas,” bigla niyang sabi.

“Okay. May date ka?”

Nilunok niya ang ngingunguya. Heto na. “Depende. Gusto mo bang lumabas?”

“Lumabas saan?” tanong ni Nyx na tila naguguluhan.

Muntik siyang mabulunan sa bagong subong kiati-kiat pero pinigilan niya ang matawa. “Lumabas,” ulit niya. “Gusto mong kumain sa labas?”

Tumigil sa pagnguya si Nyx at tumingin lang sa kanya. He wondered if she knew her emotions showed in her eyes even though she was blind. Ang nakikita niya sa mga mata nito ngayon ay lungkot, panghihinayang at... takot?

“No,” she said with finality. “Ayokong lumabas.”

“Sigurado ka? Sabi ni Ate Nyrene matagal ka na raw hindi namamasyal.”

She snorted. “Para saan pa, eh, hindi ko naman makikita’yung pupuntahan ko.”

She didn’t sound bitter, just resigned. Bago siya makaisip ng sasabihin para kontrahin iyon, nagpaalam na si Nyx. Kasalanan niya. Inaya-aya pa kasi niya, ’ayan tuloy. Nasira ang mood ng babae.

“Pasok na ako, ah. Ikaw rin! Magpahinga ka na. Huwag ka nang bumaba para bumili ng sigarilyo, ah! Baka naman tumakas ka pa.”

“Hindi na. Ubusin ko na lang ’tong bigay mong kiati-kiat.”

Napangiti itong muli. “All right. Good night.”
“Good night!”

Nagbalat pa siya ng isa pang orange nang maiwan siyang mag-isa sa balcony. Hindi siya masyadong nasaktan nang tumangging lumabas si Nyx. Ang sabi nito ayaw nitong lumabas. Hindi sa ayaw nitong sumama sa kanya.

Ibig sabihin okay lang kung mag-take out siya para sabay pa rin silang kumain, di ba? Tambay lang, hangout ng magkaibigan. Walang malisya. Sana pumayag si Nyx.

Puwes, malalaman niya iyon bukas.

Masyado yata siyang maraming binili. Dalawang bags ng *KFC* ang bitbit niya nang umuwi siya sa condo kinabukasan. Bumili kasi siya ng bucket meal na pang anim na tao. Na-excite lang naman siya. Saka hindi rin kasi niya sigurado kung ano ang gusto ni Nyx kaya may manok, *Fun Shots*, spaghetti, at tatlong klaseng *fixins* siyang dala.

Sa pinto ni Nyx siya dumerecho at kumatok doon. Pinilit niyang hindi mag-panic nang hindi kaagad sumagot ang babae. Kumatok siyang muli at ulit... at ulit hanggang sa halos gibain na niya ang pinto. Naisip kasi niya uli ang eksenang muntik na niyang nasaksihan noong unang araw nilang magkakilala.

She didn't! She couldn't have!

“Nyx? Nyx! Buksan mo 'tong pinto!”

Aalis na sana siya para bumaba sa office at manghiram ng susi sa superintendent ng building nang marinig niya ang iritadong tinig ng babae mula

sa loob.

“Sino ba ’yan?”

Bumuga siya ng hangin at idinikit ang noo sa pinto ng babae. “Si Khalil.”

He moved back when he heard the security chain rattle.

Nang bumukas ang pinto, agad niyang pinag-aralan ang mukha nito. Kasing-iritado ng boses nito ang expression ni Nyx. Maga ang mga mata pero mukhang sa puyat iyon at hindi sa pag-iyak. Magulo ang buhok nito at suot pa rin nito ang mismatched nitong pajamas mula kagabi. He wanted to pull her close to hold her.

“Ba’t gan’un ka makakatok? May sunog ba?”

Ngumisi siya rito kahit hindi nito nakikita. Sa katunayan, ngumisi siya *dahil* hindi siya nito nakikita.

“Ang tagal mo kasing sumagot! Malay ko ba kung naaksidente ka na sa CR?” pagdadahilan niya.

“Kabisado ko na ang bahay ko. Ni hindi na nga ako natatalisod unless may makialam sa gamit ko—wait, is that *KFC*?” tanong nito na nagliwanag ang mga mata matapos malanghap ang distinctive na amoy ng fried chicken.

“Yup! Sweldo nga, di ba? Eh, ayaw mong lumabas kasama ko kaya ’eto, nag-uwi na lang ako. Kain tayo. Kumain ka na ba?”

“Hindi pa. Kakagising ko lang.” Tumabi ito. Khalil took that as an invitation to come in. Iyon lang pala ang kailangan, fried chicken lang.

“Bakit? Anong oras ka ba natulog?” tanong niya habang papunta sa dining table.

“Hindi ko alam. Mga 5?”

Ibinaba niya ang mga dala sa dining table. “Siesta ba ’yan o kagabi ka pa gising?”

“Kagabi pa ako gising. Minsan may insomnia ako.”

Pinanood niyang maglakad si Nyx patungo sa maliit na kusina ng unit. Sinundan niya ito. “Ako na’ng kukuha ng mga pinggan, ito naman. Maupo ka na d’un.”

“Baka ibahin mo ’yung ayos. Mamaya ako naman ang hindi makahanap ng mga kailangan ko.”

“Hindi,” giit niya habang inaakay ito pabalik sa dining room. “Ikaw na lang magligpit mamaya pagkatapos nating kumain para alam mo kung saan mo nilagay ’yung mga gamit mo.”

“Teka, chicken ’yan! Mas madali kainin pag kamay!”

“Okay, okay. Maghugas ka na ng kamay. Ako na’ng bahala sa iba.”

Matapos maghugas ng kamay, naupo si Nyx sa dining table pero nakasimangot ito at nakatingin sa direksyon ng kusina na para bang pinapakinggan kung may bigla na lang siyang mababasag.

“Okay,” sabi ni Khalil. “Ililipat ko lang ’tong mga baso mo sa lalagyan mo ng mugs, ’tapos ’yung mga pinggan—”

“Hoy!”

“Joke lang!” Natawa siya bago kinuha ang mga kailangan at dinala ang mga iyon sa mesa para ayusin. Kinuha niya ang kamay nito at dinala iyon sa pinggan para alam nito kung nasaan iyon saka niya ito inabutan ng fried chicken.

“Gusto mo ng spaghetti?”

“Penge.”

Ipinagtanda niya ito ng pagkain saka siya naglagay ng kanin at coleslaw sa sariling pinggan.

“Ano’ng ginawa mo ngayong araw?” tanong niya habang pinapanood itong kumain.

Isa sa mga gusto niya ay puwede na niyang panoorin si Nyx dahil hindi siya nito nakikita. Hindi tuloy siya mukhang creepy. Hindi nito nakikita ang expression sa mukha niya. Mukha siguro siyang lovesick na aso.

“Hmm, wala?”

“Wala?”

“Wala,” ulit nito. “Nasa kama lang ako, pinipilit na matulog.”

“Matagal ka na bang may insomnia?”

She shrugged. “Minsan. Minsan naman twenty-four hours akong tulog.”

“Hindi ba masama ’yun?”

Muli lang itong nagkibit-balikat. “Bumili ka ng corn?” tanong nito.

Kumurap siya at iniabot dito ang cup ng buttered corn. Idinikit niya iyon sa kamay ng dalaga para alam nito kung saan kukunin. Ibinaba nito ang hawak na fried chicken at pinunas sa tissue ang mga daliri bago nito kinapa ang gilid ng pinggan para sa kutsara.

“Wala ka bang date ngayon?” tanong nito sa kanya na halatang gustong baguhin ang topic.

“Wala nga. Ayaw mo kasing lumabas.”

She rolled her eyes. “Mahihirapan lang tayong dalawa.”

“Bakit naman? Hindi naman kita bibitawan.” And he meant it.

Umiling ito at nagsimulang kumain ng buttered corn.

Bumuntong-hininga si Khalil. “Masama kasing nakakulong ka lang dito sa bahay. Kailangan mo ring lumabas-labas para malibang ka.”

“Nalilibang naman ako dito,” sagot nito na puno ang bibig.

“Yeah, right.”

Bumuga ng hangin si Nyx at nilingon siya. “Khalil, look. I really appreciate it pero kasi okay lang talaga ako dito. I have everything I need here. Saka mas malulungkot lang ako sa labas. Maaalala ko lang ’yung mga bagay na hindi ko na makikita saka ayoko rin ’yung pakiramdam na baka nakatingin sa ’kin ang mga tao ’tapos naaawa sila sa ’kin.”

“O, hindi naman ako naaawa sa ’yo, ah.”

Tumawa ito bago muling tumungo sa pagkain nito. “Don’t worry about me. I’m okay.”

He knew she was lying but he let it go. Kung hindi pa ito handang magkuwento, hindi niya ito pipilitin.

Darating din sila sa point na iyon na magiging komportable ito sa kanya at magtitiwala ito sa kanya.

So when she changed the topic again, he let her.